Mga Karapatan ng Manggagawang Imigrante

Mga Karapatan ng Manggagawang Imigrante sa Ilalim ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa (National Labor Relations Act)

Ang Pambansang Lupon sa Ugnayan sa Paggawa)National Labor Relations Board o NLRB) ay pinoprotektahan ang karapatan ng mga empleyado sa ilalim ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa (National Labor Relations Act o NLRA), anumang ang estado sa imigrasyon.

Dahil hindi mahala ang estado sa imigrasyon kung mayroong paglabag sa NLRA:

- HINDI namin tatanungin ang iyong estado sa imigrasyon.
- HINDI mo kailangang ibahagi ang anumang impormasyon sa amin tungkol sa iyong estado sa imigrasyon.
- HINDI mo kailangang ibahagi ang impormasyon tungkol sa estado sa imigrasyon ng iyong kasalukuyan/dating katrabaho.

Kung may nagaganap na imbestigasyon ng NLRB o aksyon sa pagpapatupad sa isang lugar ng trabaho, at ikaw at ang iyong kinatawa ay sinabing kailangan ng tulong sa imigrasyon sa nasabing lugar ng trabaho upang protektahan ang mga manggagawa na nakikipagtulungan o maaaring makipagtulungan sa imbestigasyon o aksyon sa pagpapatupad ng NLRB, ngunit natatakot na gantihan kapag ginawa ito, maaari kang humiling na magbigay ng isang Pahayag ng Interes (Statement of Interest), na maaaring gamitin ng mga empleyado sa paghiling sa pagpapaliban ng aksyon mula sa Department of Homeland Security. Maaaring isaalang-alang rin ng NLRB ang pagkumpleto ng sertipikasyon ng U visa at T visa, sa ilang naaayong kaso**.**

Hiling para sa isang Pahayag ng Interes bilang Suporta sa Pagpapaliban ng Aksyon

Ang mga hiling sa NLRB para sa isang Pahayag ng Interes para sa isang partikular na lugar ng trabaho ay dapat na idirekta sa anuman/lahat ng mga sumusunod: ang Ahente ng Lupon na nakatalaga sa kaso, ang Tagapag-ugnay sa Imigrasyon sa Rehiyon, ang Rehiyonal na Direktor, at ang Koponan sa Imigrasyon (Immigration.Team@nlrb.gov) sa Washington, DC.

Dapat kasama sa hiling ang numero ng kaso sa NLRB, ang lokasyon ng (mga) lugar ng trabaho na kaugnay sa aksyon ng NLRB, at ang (mga) pangalan ng employer na nakikita sa paystub o iba pang dokumento.

Hiling para sa Sertipikasyon ng U visa at T visa

Ang mga para sa sertipikasyon ng U visa at T visa ay dapat na idirekta sa anuman/lahat ng mga sumusunod: ang Ahente ng Lupon na nakatalaga sa kaso, ang Tagapag-ugnay sa Imigrasyon sa Rehiyon, ang Rehiyonal na Direktor, at ang Koponan sa Imigrasyon (Immigration.Team@nlrb.gov) sa Washington, DC.

Ang hiling ay dapat na magtakda ng makatwirang dahilan na ginawa ang isang kwalipikadong gawaing kriminal, na may koneksyon sa isang kaso ng NLRB na imiimbestigahan o dinidinig ng isang Rehiyonal na Opisina ng NLRB. Bilang partikular, ang hiling ay dapat na tukuyin ang pinagbabatayang mga mahahalagang elemento ng kwalipikadong kriminal na gawain o mga gawain at tukuyin ang ebidensya na sumusuporta sa mga bahaging iyon

Iba pang Sanggunian

Ang NLRB ay may alituntunin at sanggunian para sa mga manggagawang imigrante:

- Impormasyon sa Imbestigasyon para sa mga Saksi na Manggagawang Imigrante (Investigation Information for Immigrant Worker Witnesses) (2022)
- Alamin ang iyong mga Karapatan: Manggagawang Imigrante (Know Your Rights: Immigrant Workers) (2023)
- Pagtiyak sa Isang Ligtas at Marangal na Akses sa Proseso ng NLRB para sa mga Manggagawang Imigrante (Ensuring Safe and Dignified Access for Immigrant Workers to NLRB Processes (2022)
- Pagtiyak sa Karapatan at Paglutas para sa mga Manggagawang Imigrant sa Ilalim ng MLRA (Ensuring Rights and Remedies for Immigrant Workers Under the NLRA (2021)
- Binagong Pamamaraan sa Pagtugon sa Problema sa Estado ng Imigrasyon na Naging Usapin sa mga Pagdinig ng NRLB (Updated Procedures in Addressing Immigration Status Issues that Arise During NLRB Proceedings) (2011)
- Ang NLRB ay nag-aalok ng isang website sa wikang Espanyol, at may piling publikasyon ng NLRB ay isinalin sa ilang wika.

Tumawag as 1-844-762-NLRB at hilingin na makipag-usapan sa isang Rehiyonal na Tagapag-ugnay sa Imigrasyon (Regional Immigration Coordinator) a/o mag-email sa Immigration Team sa Washington DC (Immigration.Team@nlrb.gov) para sa mga katanungan.